Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-4 NG SETYEMBRE, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

*DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN *Tagapangulo* |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| *Kgg. Mike Jomel M. Ombico* | .............. | *Kagawad* |

*KAPASIYAHAN BLG. 201-T'2002*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. TESSIE AQUINO ORETA, SENADOR NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG SAMPUNG MILYONG PISO (P10,000,000,.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG BAGONG GUSALI NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN.*

SAPAGKA'T, binigyang-pansin at pagpapahalaga ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan ang pagkakaroon ng isang bago at malawak na tanggapan nito upang matamo ang maayos na pagtanggap ng mga panauhin at mga mamamayang kanyang pinaglilingkuran;

*SAPAGKA'T, masikip at maliit ang tanggapan nito upang pagsagawaan ng lumalaki at* dumaraming gawain at tungkulin nitong dapat na ipahatid sa pamayanan;

SAPAGKA'T, banaag ang anyo ng kalumaan at kasiraan nito na patutunayan ng pagpasok ng tubig-ulan mula sa bubungan;

SAPAGKA'T, malaking epekto ang maaaring idulot nito sa sandaling ito'y patagalin at ipagwalang-bahala;

SAPAGKA'T, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang makapagtayo ng isang bagong gusali ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na *pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. at Ricardo B. Ramirez at sa buong* pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kgg. Tessie Aquino Oreta, Senador ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P10M para sa pagpapagawa ng bagong gusali ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

*INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Senador Tessie Aquino* Oreta, Lungsod ng Pasay; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

ORIGINAL SIGNED
JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

NAGPATUTOO: ORIGINAL SIGNED
KGG. ARIEL T. MAGCALAS
*Pang. Punong Bayan*
Tagapangulo

PINAGTIBAY: ORIGINAL SIGNED
KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan